**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OFFICE**
**PRESIDENTIAL NEWS DESK**

**MEDIA INTERVIEW BY PRESIDENT FERDINAND R. MARCOS JR.**
**FOLLOWING THE SIGNING OF THE NEW AGRARIAN EMANCIPATION ACT**
[Held at the Heroes Hall, Malacañan Palace in Manila | 07 July 2023]

**Q:** Sir, good morning.

**PRESIDENT FERDINAND R. MARCOS JR.:** Good morning.

**Q:** Sir, this is a milestone legislation as this is one of your commitments in your SONA last year. How important is this to farmers?

**PRESIDENT MARCOS:** We cannot overstate the importance of what we have done today, not only for the agrarian reform beneficiaries who have been waiting for some relief for a very, very long time.

We have been talking about this for a decade and that everyone seemed to agree that it was time for us to look very closely on the financial situation not of the banks, not of the financing institutions but of our farmers.

And so, it has been the general consensus that there is no reason for us to continue to chase the unpaid loans, the unpaid benefits that have ballooned over the many, many years, and so, to wipe the slate clean.

And for our agrarian reform beneficiaries, there are two parts to this: number one, was the resolution of the actual titling of the so-called consolidated CLOAs. Having started to undertake that process, we then were able now to perfect the titles for our agrarian reform beneficiaries.

But what would that do if bibigyan nga natin sila ng lupa, bibigyan natin sila ng tulong, nakalubog pa naman sa utang? Kaya't hindi makakaahon 'yan. Hindi na sila makabawi. Kaya let's give…

After all, this is so important to our economy, this is so important to our survival as a country that the agricultural sector is strong and that the agricultural sector is an important part. And that's what this does, because now we are recognizing and bringing into the whole system of our economy our agrarian reform beneficiaries giving them not only livelihood, giving their families hope for the future but also the support that we, in government, and the rest of the country need for their agricultural hard work.

**Q:** Thank you, Mr. President.

**PRESIDENT MARCOS:** Thank you.

**Q:** Hi, Mr. President and gentlemen. Sir, may mga nakausap na po ako kanina na mga benepisyaryo from Region III and Region IV-A. Hindi maitago po 'yung kanilang saya dahil after ilang dekada raw at least hawak na nila 'yung mismong title nila. Sir, maituturing I guess na

malaking bagay ‘yung condonation sa mga agrarian lands. So ang sinasabi nila, sir, kanina masaya sila. Your message, sir, para sa mga benepisyaryo?

**PRESIDENT MARCOS:** Well, iyon na nga ang ating – kaya natin ginawa ito. At maidagdag ko na hindi lamang naman pagbigay ng titulo ang ating ginawa, hindi lamang ‘yung pag-condone o pagbura ng kanilang utang sa pamahalaan, sa mga bangko, kung hindi ay gumagawa tayo ng malawak na programa para tuluyang susuportahan ang ating mga magsasaka.

Hindi lamang nagbigay ng titulo, hindi lamang nag-condone ng kanilang utang kung hindi nandiyan pa rin ang Agrarian Reform upang tulungan ngayon sila na makatayo at masasabi natin may kaya na sila para patakbuhin ang kanilang hanapbuhay at napapakain nila ‘yung kanilang mga pamilya, at bukod pa doon ay nagkakaroon pa ng pag-asa para sa kinabukasan.

Iyan ang tunay na kahulugan nitong ating ginawa ngayong araw na ito. Kaya’t kung makita ninyo lahat nung mga matagal nang tinatrabaho ito ay napakalapad ng mga ngiti at ‘yung iba sa amin hindi na sumasayad ‘yung paa sa lupa dahil sa tuwa. *[applause]*

**Q:** Thank you, sir.

**PRESIDENT MARCOS:** Thank you.

**Q:** Magandang umaga po, Mr. President, at congratulations po pati doon sa ating mga beneficiaries. My question, sir, is how will this law enhance the overall thrust of the DA for food security?

**PRESIDENT MARCOS:** Well, very simple, kung titingnan natin ‘yung mga lupa na hindi pa naisaka dahil nga sa mga problemang hinaharap ng mga beneficiaries – ‘yun na nga ‘yung consolidated CLOA na hindi pa na-subdivide, hindi pa na-partition, tapos ito pa nga ‘yung utang ay palagay ko at sa tuluyang tulong ng ating DA at saka siyempre Agrarian Reform sa kanilang pangangailangan ay magkakaroon tayo ng mga lupain na hindi natin nagamit.

Ilang ektarya ang pinag-uusapan dito?

**DAR SEC. CONRADO ESTRELLA III:** Napakarami ho. Milyon ho.

**PRESIDENT MARCOS:** Napakarami, at least million. Eh ang lupa na halimbawa ilagay na lang natin sa bigas, sa palay, ang more or less ang nakatanim sa palay is 5 million hectares. Pero ‘yung 5 million hectares ibig sabihin kasama na rin ‘yung second cropping, kasama na ‘yung third cropping. Kaya’t more or less two and a half million.

The agriculturist, the Senate President will correct me if I’m wrong. But more or less it’s two and a half million na sinasaka para sa palay.

Ngayon kung magkakadagdag ng almost 1 million na ektarya, malaking bagay ‘yun sa ating produksyon. Kaya’t kasama ito sa ating pinoprograma ng Department of Agriculture para pagandahin ang ating produksyon, pababain ang cost of production para naman ay masasabi natin sapat ang suplay ng bigas para sa ating mga mamamayan sa buong taon.

Iyon ang ating pinapangarap at iyon ang ating nilalayunin upang masabi natin ligtas na tayo sa mga pangyayari sa iba’t ibang bansa na sinisira kung minsan o nagbibigay ng masamang epekto sa ating ekonomiya.

Napakalaking bagay nito. Just think it’s two and a half million hectares more or less planted to rice. Now, it will be three and a half million planted to rice wala pa doon ‘yung second cropping, wala pa doon ‘yung third cropping.

**Q:** Maraming salamat po.

**Q:** Mr. President, Executive Secretary, Secretary Estrella, magandang umaga.

**SEC. ESTRELLA:** Magandang umaga po.

**Q:** For Sec., clarify ko lang so since 57 billion ‘yung mabuburang utang, ‘yung number nung mga farmers na magbe-benefit dito sa kabuuan clarify ko lang kung nasa ilan sila?

**SEC. ESTRELLA:** Napakarami po. Kasi po nagkaroon ng kaunting kaguluhan kanina eh mukhang nahulog ‘yung kodigo ko kanina. *[laughs]* Ngunit napakarami ang makikinabang dito.

Kuwan ito, mahigit sa ilang daang libo ang makikinabang dito sa condonation na ito. Siguro mga more than 600,000.

**Q:** And since sila na ‘yung may-ari ‘no nung lupa ‘di ba, ganap ng may-ari sila, hindi ba ‘to magreresulta sa parang malawakang pagbebenta ng lupa dahil sa kanila na ‘yung lupa?

**SEC. ESTRELLA:** I don’t think so kasi unti-unti na namin na pinapayuhan ang ating mga agrarian reform beneficiaries na ayon sa batas, kailangan ‘pag naiabot sa kanila ang kanilang titulo, kailangan maghintay sila ng sampung taon bago nila maibenta ang lupa sa iba.

Sapagkat ‘pag nalaman po ng Agrarian Reform na kanilang ibinenta ang lupa nila na hindi pa lumalampas ang sampung taon, eh babawiin po ng pamahalaan at ibibigay natin sa ibang beneficiary ang lupa po.

Kaya palagay ko ho basta may information campaign lang na malaman ng ating mga magsasaka, eh hindi ho magkakaroon ng malawakang bentahan ng lupa.

At hindi lang ho ‘yun, yes, sir?

**PRESIDENT MARCOS:** Sige, keep going.

**SEC. ESTRELLA:** Siyempre ito hong pamahalaan na ito ay nakaumang ang isang katutak na support services na ibibigay sa kanila na katulad ng ginawa po ng ama ng ating Pangulo at ng lolo ko po noong panahon nila.

**PRESIDENT MARCOS:** Idadagdag ko lang, ang nagiging dahilan kung bakit ang nabibigyan ng titulo ay ipinagbibili kaagad ‘yung lupa nila ay dahil wala silang pambayad ng inputs, hindi sila makautang, wala silang pagkukuhanan ng binhi, wala silang pagkukuhanan ng fertilizer, ng pesticide. Wala silang pambili.

Kaya’t eh wala naman silang magagawa kaya’t ‘yung dati ‘yung mga nasubukan noong una ay pinag-aralan ito nang mabuti at nakita natin ‘yung naging karanasan ng mga ibang bansa. At nakita nga namin pagka basta titulo lang ang ibinigay mo at wala ng ibang suporta, eh mangyayari talaga eh wala naman hindi naman nila maisaka, mangungutang na naman sila

doon sa ‘yung dating may-ari. Tapos hindi makabayad. Tapos na-corner na naman – pinapakyaw na naman ‘yung kanilang produkto, et cetera, et cetera.

Kaya naman ‘yung nagiging sitwasyon ng ating mga beneficiaries ay ipagbili na lang natin para at least may pera tayo sa bulsa.

Ngayon, kaya’t isinama maliwanag na maliwanag at binibigyan ng halaga ang patuloy na suporta upang magkaroon ng pautang para sa ating mga beneficiaries, upang may technical support, mayroon tayong ibinibigay na pagkukuhanan ng binhi, pagkukuhanan ng mura-mura na fertilizer. Lahat ‘yan ay ating ginagawa para maging matagumpay naman ang kanilang pagsaka nung kanilang bagong natituluhang lupa.

**Q:** Sir, follow up lang, isn’t the law unfair para sa ibang mga magsasaka na nagbayad na and here comes the condonation program?

**SEC. ESTRELLA:** Ako na ang sasagot siguro diyan. Palagay ko hindi naman magiging unfair sapagkat mayroon ding inilalaan ang pamahalaan ng ating mahal na Pangulo, ang administrasyon ng ating mahal na Pangulo para sa mga prompt payers, ‘yung mga maagap na magbayad katulad ng mas maraming support services natural ang ibibigay natin sa kanila.

At saka ito ay hindi naman unfair sapagkat ‘yung mga nakabayad noong araw at ‘yung mga hindi nakakabayad ngayon eh iba naman ang sitwasyon noong araw at ngayon. Noong araw, mas madaling magbayad ang ating magsasaka dahil kumikita sila.

Ngayon, maraming mga nangyari na developments dito sa ating bansa at sa buong mundo. Katulad, halimbawa, nagmahalan ang mga farm machineries equipment and other inputs sa buong mundo ito kaya humirap ang buhay ng ating mga magsasaka. Nagkaroon pa ng pandemic.

Nagkaroon pa ng distribution ngunit hindi natin siguro masisi sila dahil gusto lang nilang i-accelerate ang pagdi-distribute ng certificate of land ownership awards kaya nag-distribute sila ng collective CLOAs na walang namang parcelization.

Ang ibig sabihin nun parcelization is ‘yung doon sa isang titulo, halimbawa na for 200 hectares, nakalagay doon lahat ng may-ari. Siguro mga 200 din ang may-ari doon ngunit hindi sinabi: Juan, dito ka sa paanan ng bundok; Pedro, dito ka sa tabi ng ilog. Walang ganoon. Walang nangyaring parcelization.

Kaya nagpapasalamat kami sa World Bank dahil tumutulong sila dito sa parcelization natin. Iyon din nagkaroon ng confusion at hindi rin na-update ang payment of amortization fees. Lahat ‘yan pinagsama-sama, mahirap nang mangolekta.

Mas magiging magastos pa sa pamahalaan ang mangolekta kaysa ang ibigay na lang natin na libre ang lupa. Kaya hindi naman unfair. Makikinabang naman silang lahat.

Salamat po. *[applause]*

**Q:** Hi, Sec. Estrella, this is a question for you po. I understand that this – ang tagal nito bago nabigay ‘yung titulo sa ating mga kababayan. Can you just cite some challenges that your department has encountered before this historical event?

**SEC. ESTRELLA:** Marami hong naging problema. Ngunit ang masasabi ko ho eh nag-utos ang ating mahal na Pangulo: *"Bakit ba kokolektahin pa natin 'yan utang na 'yan?,"* sabi ng ating mahal na Pangulo. "*Ibigay na lang natin libre 'yan tutal marami ng nangyari, marami ng nakaraan…*" na katulad nung sinabi ko ho kanina eh ang dami ng mga developments na nagpahirap sa ating mga magsasaka.

Ngunit tama 'yun maraming challenges. Maraming mga kumokontra nung una na hindi daw natin kaya. Ngunit ito po ay instruction ng ating mahal na Pangulo at natutuwa po kami dahil ang ating Speaker Martin Romualdez at ang ating Senate President Migz Zubiri at ang mga author po, si Senator Imee, si Senator Cynthia Villar, si Congressman Joey Salceda, at lahat ng mga congressmen at senators at pati ho lahat ng mga Gabinete, miyembro ng Gabinete ay sumuporta po dito sa tinatawag natin na "happy bill". Ngayon ho, "happy law" ngayon na po ito dahil napirmahan na ng ating Pangulo. *[applause]*

**Q:** Thank you, Sec.

**Q:** My question is for Secretary Estrella. Secretary Estrella, good morning po. Si dating Pangulong Ferdinand Edralin Marcos at saka 'yung lolo niyo po si dating minister of Department of Agrarian Reform ang nasa likod po nung enactment of first Agrarian Reform laws at ito po 'yung the Code of Agrarian Reform and PD 27. Anong significance po Secretary ng napirmahan ngayong batas sa ilalim ng administrasyon ni Pangulong Marcos at sa inyong pamamahala sa DAR ngayon?
**PRESIDENT MARCOS:** I'm sorry, hindi namin masyadong maintindihan. Can you repeat the question please?

**Q:** Ano pong significance – what is the law's significance to the administration of Ferdinand Marcos Jr. and with you at the helm of DAR?

**SEC. ESTRELLA:** Ang ibig ninyong sabihin siguro ano ba ang significance ng ginawa ng aming mga ninuno noon at ano naman ang significance kumpara dito sa ginawa namin ngayon?

**Q:** Opo.

**SEC. ESTRELLA:** Alam ninyo, 'yang tanong ninyong 'yan ay kung sasagutin ko nang kumpleto 'yan ay aabutin tayo hanggang bukas ng hapon.

**PRESIDENT MARCOS:** Sabihin na lang natin na dapat ang pananaw natin dito sa ating napirmahan na batas na ngayon ngayong araw ay pinapagpatuloy lang natin ang proseso na sinimulan ng aking ama, ng aming Lolo Condring Estrella noong siya ay nasa Agrarian Reform.

At ito naman talaga ang magiging – ang inaabot ng kanilang programa. Iyon lamang ay nabago at hindi na nasunod 'yung mga prinsipyo na una nilang ginagamit upang makapagbigay ng lupa sa ating agrarian reform beneficiary.

Ngayon, ibinabalik natin ngayon doon sa dating prinsipyo na dapat iyon na nga bigyan natin – 'yung mga nagsasaka nang sinasaka nila ang mga lupa na hindi nila pag-aari pero sinasaka na nila nang napakatagal. Mga apo na ang nagsasaka, mga grandchildren na ang nagsasaka, hindi pa rin kanila ang lupa. Iyon ang ating target na sektor.

At ngayon ay 'yun na nga, 'yun ang kahulugan nitong ating ginawa na ito ay pinagpapatuloy lang naman natin ang mga nasimulan. At sa aking palagay, napakalaking hakbang ito.

Kaya't kami nga ay ipinagmamalaki namin lahat – lahat ng naging kasama, lahat ng tumulong. Iyong World Bank, 'yung ating mga bangko, 'yung ating sa pamahalaan lahat, sa Agrarian Reform, at lahat ng ating mga legislators na nakita kaagad na napakahalaga at napakaimportante na ipasa kaagad itong batas na ito.

Kaya't sa kanilang lahat ay magpapasalamat kami dahil nga eh kahit hindi ka eksperto tawagin natin sa agrarian reform, madaling maunawaan na tama itong ginawa natin at naipagpatuloy natin ang nasimulan nung aking ama at nung – ni Lolo Condring Estrella noong siya ay Agrarian Reform.

**Q:** Salamat po.

**PRESIDENT MARCOS:** Thank you. *[applause]*

**Q:** Secretary Diokno, magandang umaga po. The condoned loans amount to P57 billion, it will also pay the amount owed to beneficiaries directly to landowners under the VLT/DPS in the amount of P26 million. This comes at the time when the DOF recently raised concerns about the sustainability of the government pension system for uniformed personnel. The question is what is the impact of this condonation to the government's revenue?

**DOF SEC. BENJAMIN DIOKNO:** Wala pong impact 'to sa fiscal picture ng gobyerno dahil naplano na po namin over the next five years kung ano 'yung deficit target natin, anong revenues. Hindi po kasama ito sa computation. So wala pong impact ito sa ano…

And it will benefit, as mentioned by the President, many agrarian reform beneficiaries. 'Pag nagpapatakbo po kayo ng gobyerno, hindi lang po efficiency 'yung inyong iniisip, social justice din po kasama diyan. So this will fall under social justice.

**Q:** Will this affect, Secretary, doon sa ating fiscal situation?

**SEC. DIOKNO:** Hindi namin kasama 'yung pangongolekta nito. In fact, part of it will be condoned over time. So, hindi kasama ito sa estimation ng revenues on the part of the government. Okay?

**Q:** Maraming salamat po, sir.

**Q:** Good morning po, Mr. President. Ngayon po na napirmahan mo na po 'yung New Agrarian Emancipation Act, ano  po ang direktiba mo po kay Sec. Estrella po to ensure the full implementation of and compliance with the law po?

**PRESIDENT MARCOS:** Well, we know what we are trying – this is what we have been trying to do. Kaya't I think you can be assured that this is something we have been working on for – sa unang SONA nasabi ko na ito.

So, we have been working first on the moratorium and then eventually the law. So, we are all – every part – that's why I was saying, every part of government, even our private sector partners, even the funding institutions are all as one here.

And that is why it is important to us that this succeeds not only because, not just for bragging rights, but it's important to us to succeed because this is the development of a very crucial part of our economy, a very crucial part of our food security.

And it is something that is absolutely necessary. So, magiging masigasig talaga ang aming pagbantay dito na matiyak na 'yung ating hangarin na tayo'y magkaroon, makadagdag tayo ng halos isang milyong ektarya sa nasasaka na lupa dito sa Pilipinas ay titiyakin namin na talagang mangyayari 'yan.

Hindi lamang dahil nag-program tayo ngayon, hindi na namin pag-uusapan ito. Patuloy 'yan. Siyempre magre-report ang Agrarian Reform hindi lamang sa Gabinete kundi sa akin at sa ating mga beneficiary kung ano bang nangyari na.

At kailangan ay maipakita na patuloy ang suporta na ibinibigay ng Agrarian Reform. Iyon ang pinakamahalaga sa lahat na kung nagawa na natin ito, nakapagbigay na tayo ng titulo, at nai-condone na natin ang utang ay ang
pinakamahalaga ngayon ay patuloy na suporta. Iyon ang aming titiyakin na 'yung suporta na 'yan ay hindi magbabago at hindi – buong kakayahan ng pamahalaan ay nasa likod sa pagsuporta at sa pagtiyak sa pagpatuloy na proyekto, na programa na ito.

**Q:** Thank you po, sir.

**PRESIDENT MARCOS:** Thank you. *[applause]*

**--- END ---**